

PANDISTRITONG HUKUMAN NG ESTADOS UNIDOS PARA SA HILAGANG DISTRITO NG CALIFORNIA
Louangamath v. The Spectranetics Corporation d.b.a. SPNC, Inc., a Delaware Corporation
Case No. 4:18-cv-03634-JST

PAUNAWA SA CLASS ACTION SETTLEMENT

Pinahintulutan ng korte ang abisong ito. Ito ay hindi isang solicitation.

Hindi ito isang kaso laban sa iyo, at ikaw ay hindi idinedemanda.

Gayunpaman, ang iyong mga legal na karapatan ay apektado gagawa ka man ng kilos o hindi.

Ang class action settlement na ito ay makakaapekto sa iyong mga karapatan kung ikaw ay nagtatrabaho sa Spectranetics Corporation sa Fremont, California sa iilan o sa lahat ng panahon mula Abril 20, 2014, hanggang Agosto 17, 2022.

- Idinemandang ng empleyado na si Shelly Louangamath (“Class Representative” o “Nagsasakdal”) ang The Spectranetics Corporation (“Spectranetics” o “Nasasakdal”) sa ngalan ng kanyang sarili at iba pang mga non-exempt hourly na mga empleyado na nagtatrabaho sa mga pasilidad ng Fremont North o Fremont South na nasa assembler o maihahambing na mga posisyon sa The Spectranetics Corporation d.b.a. SPNC, Inc., at mga hinalinhang kumpanya at inaakusahan na nilabag ng Nasasakdal ang California Labor Code, California Unfair Competition Law, at na siya ay may karapatang mabawi ang mga parusang sibil sa ilalim ng California Labor Code Private Attorneys General Act of 2004 (“PAGA”).
- Ang mga paghahabol o claim ng Class Representative at ng Settlement Class ay napagkasunduan na. Paunang inaprubahan ng Korte ang Kasunduan.
- Kung kwalipikado kang maging isang Miyembro ng Settlement Class, maaari kang makatanggap ng pera mula sa Kasunduan.
- Ang iyong mga legal na karapatan ay apektado gagawa ka man ng kilos o hindi. Basahing mabuti ang Abisong ito.
- **Ikaw ay hindi idinedemanda.** Idinemandang ng nagsasakdal ang Spectranetics sa isang class action sa ngalan ng kanyang sarili at mga empleyadong tulad mo.

ANO ANG IYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON SA KASUNDUANG ITO?

WALANG GAGAWIN	Kung wala kang gagawin (iyon ay, kung hindi ka magsusumite ng napapanahong kahilingan sa pagbubukod), makakatanggap ka ng bayad mula sa Kasunduan. Bilang kapalit sa kabayaranang ito, isusuko mo ang anumang karapatang magdemanda para sa parehong mga paghahabol o claim na naging bahagi ng Kasunduang ito.
IBUKOD ANG IYONG SARILI DEADLINE: NOBYEMBRE 14, 2022	Isuko ang lahat ng benepisyong, kabilang ang pera, mula sa Kasunduan. Panatilihin ang lahat ng karapatan na maaaring mayroon ka laban sa Spectranetics, tulad ng ipinaliwanag sa ibaba.
TUMUTOL DEADLINE: NOBYEMBRE 14, 2022	Sumulat sa Korte hinggil sa kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa Kasunduan. Ang Korte ay maaaring sumang-ayon o hindi sa iyong pagtutol. Kung inaprubahan ng Korte ang kasunduan, makakatanggap ka ng kabayaran mula sa Kasunduan at mapapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduan at sa mga inilabas na pahayag na inilarawan sa Abisong ito.
GAANO KALAKI ANG MAKUKUHA KO?	Batay sa mga tala ng Spectranetics, ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay tinatanyang <<\$EstAmount>>. Ito ay batay sa iyong kabuuang Mga Kwalipikadong Workweek: <<WorkWeeks>>.

- Ang iyong mga karapatan at opsyon – at ang mga takdang petsa para gamitin ang mga ito – ay ipinaliwanag sa Abisong ito.
- Ang Korte na namamahala sa kasong ito ay kailangan pa ring magpasya kung magbibigay ng panghuling pag-apruba sa Kasunduan. Ang mga pagbabayad ay gagawin kung aaprubahan ng Korte ang Kasunduan at pagkatapos malutas ang anumang mga apela ng mga Miyembro ng Settlement Class na hindi nagpasyang ibukod sa Kasunduang ito.

BAKIT KO NAKATANGGAP ANG ABISONG ITO?

Isang kasunduan ang napagkasunduan sa kaso na pinamagatang *Louangamath v. The Spectranetics Corporation, et al.*, Case No. 4:18-cv-03634-JST, na nakabinbin sa United States District Court para sa Hilagang Distrito ng California ("Aksyon" o "Demanda"). Si Kagalang-galang na Jon S. Tigar ang namumuno sa kasong ito. Ang Kasunduan ay naabot sa ngalan ng isang iminungkahing "Klase" na tinukoy bilang: lahat ng kasalukuyan at dating hourly na binabayaranang empleyado, non-exempt na mga empleyado na nagtatrabaho sa mga pasilidad ng Fremont North o Fremont South ng THE SPECTRANETICS CORPORATION o mga hinalinhang kumpanya nito bilang non-exempt hourly na mga empleyadong nagtatrabaho bilang mga assembler o sa maihahambing na mga posisyon, anumang oras sa panahon mula Abril 20, 2014, hanggang Agosto 17, 2022. (ang "Class Period").

Natanggap mo ang Abisong ito dahil ang mga talaan ng Spectranetics ay nagpapahiwatig na ikaw ay isang miyembro ng Klase na inilalarawan sa itaas ("Miyembro ng Klase"). Natatanggap mo ang Abisong ito dahil may karapatan kang malaman ang tungkol sa isang iminungkahing kasunduan ng isang demandang class action at tungkol sa iyong mga opsyon bago magpasya ang Korte kung magbibigay ito ng panghuling pag-apruba sa Kasunduan. Kung aaprubahan ito ng Korte, at pagkatapos malutas ang anumang pagtutol at apela, isang Settlement Administrator na itinalaga ng Korte ang gagawa ng mga pagbabayad na pinapayagan ng Kasunduan.

Ipinapaliwanag ng Abisong ito ang demanda, ang Kasunduan, ang iyong mga legal na karapatan, anong mga benepisyo ang makukuha, kung sino ang karapat-dapat sa mga ito at kung paano makukuha ang mga ito.

TUNGKOL SAAN ANG DEMANDANG ITO?

Ang nagsasakdal na si Shelly Louangamath ay nagsampa ng kanyang sinasabing class and representative action na demanda noong Abril 20, 2018, sa ngalan ng kanyang sarili at lahat ng iba pang non-exempt na mga empleyado na hourly binabayaran na nagtatrabaho para sa Nasasakdal sa mga pasilidad ng Fremont North o Fremont South sa California sa panahong simula Abril 20, 2014, hanggang sa kasalukuyan na nasa assembler o maihahambing na mga posisyon, sa isang kaso na pinamagatang *Louangamath v. The Spectranetics Corporation, et al.* Ang Reklamo ay nagsasaad ng pitong dahilan ng pagsasampa laban sa Nasasakdal na Spectranetics: (1) mga paglabag sa reimbursement; (2) mga paglabag sa meal break; (3) mga paglabag sa rest break; (4) hindi pagbabayad ng obertaym at regular na sahod; (5) mga paglabag sa wage statement; (6) hindi patas na mga gawi sa negosyo; at (7) mga parusang sibil sa ilalim ng Private Attorneys General Act ng California.

MAY ABOGADO BA AKO?

Hindi mo kailangang kumuha ng sarili mong abogado. Kinakatawan ka na ng Class Counsel (tingnan sa ibaba ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan). Gayunpaman, maaari kang kumuha ng sarili mong abogado sa sarili mong gastos kung gusto mo.

ANO ANG KALAGAYAN O STATUS NG KASO?

Itinatangi ng Spectranetics ang lahat ng mga paratang ng Nagsasakdal sa isinampang Demanda, o na nilabag nito ang anumang batas, at iginigiit na sa lahat ng oras ay sumusunod ito sa mga batas pederal, estado at lokal na batas. Ang kasunduan ay hindi nangangahulugang pag-amin ng Spectranetics ng anumang kamalian o isang indikasyon na ang anumang batas ay nilabag.

Ang Korte ay hindi pa nagpasya pabor sa Nagsasakdal o sa Nasasakdal. Ni ang Korte ay hindi nagpasya kung ang kasong ito ay maaaring magpatuloy bilang isang klase o representative action.

Sa halip na dumaan sa class certification o sa paglilitis, pagkatapos ng masusing pagsisiyasat sa mga katunayan ng Kasong ito, napagkasunduan ng magkabilang panig ang isang no-fault na pag-aareglo pagkatapos ng isang pamamagitan gamit ang isang neutral na third-party na tagapamagitan. Naayos na ang mga paghahabol o claim sa klase dahil naniniwala ang Class Counsel at ang Class Representative na ang mga tuntunin sa Kasunduan, na kinabibilangan ng mga benepisyong pera, ay patas at makatwiran matapos isaalang-alang ang kalakasan at kahinaan ng mga paghahabol o claim at iba pang mga kadahilanan.

SINO ANG KASAMA SA KLASE?

Ikaw ay bahagi ng Kasunduan kung ikaw ay isang "Miyembro ng Settlement Class." Kasama sa Klase ang lahat ng kasalukuyan at dating mga non- exempt na empleyado na hourly binabayaran, na nagtrabaho sa Spectranetics bilang mga assembler o sa maihahambing na mga posisyon sa mga pasilidad ng Fremont North o Fremont South sa California sa anumang pagkakataon sa panahon mula Abril 20, 2014, hanggang Agosto 17, 2022. **Hindi** kasama sa Settlement Class ang sinumang Class Member na nagsumite ng napapanahon at balidong kahilingan sa pagbubukod.

ANO ANG MGA TUNTUNIN NG KASUNDUAN?

Sa ilalim ng iminungkahing Kasunduan, kapalit ng pagpapalabas ng mga paghahabol o claim laban dito at sa panghuling hatol sa Demanda, ang Nasasakdal ay magbabayad ng \$350,000.00 (tinukoy bilang "Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo"), na kinabibilangan ng lahat ng mga pagbabayad na pinag-aralan ng Kasunduan sa Pag-aareglo, kasama ang lahat ng mga pagbabayad sa mga Miyembro ng Settlement Class, sa service award ng Nagsasakdal, sa mga bayarin at gastos ng mga abogado ng Class Counsel, sa pagbabayad sa California Labor and Workforce Development Agency ("LWDA") para sa pag-aayos ng paghahabol o claim ng PAGA, sa mga buwis ng employer at buwis sa suweldo ng empleyado, at sa mga gastos sa pangangasiwa ng kasunduan. Ang Netong Halaga ng Kasunduan ay ang natitirang halaga pagkatapos ibawas ang mga bayarin at gastos ng mga abogado ng Class Counsel, ang service award ng Nagsasakdal, ang pagbabayad sa PAGA, at mga gastos sa pangangasiwa ng kasunduan, na ipapamahagi sa mga Miyembro ng Settlement Class na hindi nagpasyang magpabukod sa Kasunduang ito.

Napapailalim sa pag-apruba ng Korte, ang Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo ay ilalaan sa mga sumusunod:

- Mga Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan: Ang mga Miyembro ng Settlement Class na hindi nagpasyang magpabukod ay karapat-dapat makatanggap ng pera mula sa Netong Halaga ng Kasunduan bilang isang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan, na kinakalkula tulad ng inilarawan sa ibaba. Ang Netong Halaga ng Kasunduan ay tinatayang humigit-kumulang \$176,333.33. Ang iyong tinatayang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan mula sa Netong Halaga ng Kasunduan ay nakalista sa unang pahina.
- Class Representative Service Award: Ang nagsasakdal ay mag-aaplay sa Korte ng isang Service Award na \$15,000 bilang pagkilala sa kanyang mga pagsisikap at mga panganib sa pagtulong sa pag-uusig ng Demanda at bilang kapalit sa pagpapatupad ng Pangkalahatang Pagpapalabas ng lahat ng mga paghahabol o claim laban sa Nasasakdal. Ang Service Award ng Nagsasakdal ay kukunin mula sa Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo, bilang karagdagan sa anumang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan na natatanggap niya bilang Miyembro ng Settlement Class, at ang anumang halagang hindi iginawad ng Korte ay babalik sa Netong Halaga ng Kasunduan para ipamahagi sa Mga Miyembro ng Settlement Class.

- Class Counsel Award: Hihilingin ng Class Counsel sa korte na aprubahan ang 33% ng Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo (\$116,666.67 sa \$350,000.00) bilang bayad sa mga abogado para sa paglilitis at pagresolba sa Demandang ito at sa aktwal na mga gastusin at bayarin (hindi dapat lalampas sa \$15,000.00), na sinusuportahan ng deklarasyon. Ang halagang ito ay babayaran mula sa Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo, at ang anumang halagang hindi iginawad ay babalik sa Netong Halaga ng Kasunduan para ipapamahagi.
- Pagbabayad ng PAGA: \$10,000 mula sa Pinakamataas na Halaga ng Pag-aareglo ay inilalaan para sa pag-aayos ng mga paghahabol o claim sa ilalim ng Labor Code Private Attorneys General Act ng 2004. Mula sa alokasyong iyon, 75% (\$7,500) ang ibabayad sa California Labor and Workforce Development Agency, at 25% (\$2,500) ay ipapamahagi sa Mga Miyembro ng Settlement Class bilang bahagi ng Netong Halaga ng Kasunduan.
- Pangangasiwa sa Kasunduan: Ang gastos sa pangangasiwa sa kasunduan ay humigit-kumulang \$17,000.00, na naglalakip sa mga bayad para sa mga gawaing tulad ng pagpapadala at pagsubaybay sa Abisong ito, pagsubaybay sa Mga Kahilingan sa Pagbubukod at Paunawa ng Pagtutol, mga tseke sa pagpapadala at mga form ng buwis, pagsasalin sa wika ng mga dokumento para sa Mga Miyembro ng Klase, at pag-uulat sa mga Partido at sa Korte.
- Ang anumang mga tseke na ibibigay sa Mga Miyembro ng Settlement Class ay mananatiling balido at mapag-uusapan sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pag-isyu nito. Kung sakaling ang isang tseke sa Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay hindi napalitan ng cash sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw, dapat ibigay ng Settlement Administrator ang mga pondong kinakatawan ng naturang mga tsekeng hindi napalitan ng cash sa California State Controller para ideposito sa Unclaimed Property Fund sa pangalan ng Miyembro ng Settlement Class.

ANO ANG MATATANGGAP KO MULA SA KASUNDUAN?

Kung hindi ka magpapasyang magpabukod sa Kasunduan, matatanggap mo ang iyong bahagi sa Netong Halaga ng Kasunduan pagkatapos aprubahan ng Korte ang Kasunduan. Ang iyong tinantyang bahagi, ito ay ang iyong tinantyang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan, at ang iyong kabuuang mga workweek mula sa mga talaan ng Spectranetics na ginamit upang kalkulahin ito, ay nakalista sa unang pahina ng Abisong ito. Para sa mga layuning pang-buwis, ang Mga Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay dapat ilalaan at ituring tulad ng sumusunod: (1) 20% bilang sahod; (b) 40% bilang reimbursement sa mga nagastos; (c) 40% bilang mga multa at interes. Ang Settlement Administrator ay ang responsable sa pagbibigay sa mga claimant ng isang form W-2 para sa mga halagang itinuturing na "sahod" at isang IRS Form 1099 para sa mga bahaging inilaan sa mga multa at interes.

PAANO KINAKALKULA ANG AKING BAHAGI NG KASUNDUAN?

Ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay ang iyong pro rata na bahagi sa Netong Halaga ng Kasunduan batay sa iyong kabuuang Kwalipikadong Workweek, na siyang kabuuang bilang ng mga workweek na nagtrabaho ka bilang isang assembler o sa isang maihahambing na posisyon (batay sa mga talaan ng Spectranetics) sa panahong mula Abril 20, 2014, hanggang Agosto 17, 2022. Ang iyong Mga Kwalipikadong Workweek ay hahatiin sa kabuuang Kwalipikadong Mga Workweek para sa lahat ng Mga Miyembro ng Settlement Class, na magresulta sa iyong Ratio ng Pagbabayad. Ang Ratio ng Pagbabayad ay imu-multiply sa Netong Halaga ng Kasunduan para matukoy ang halaga ng iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan.

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa bilang ng mga Kwalipikadong Workweek na nakasaad sa itaas, magkakaroon ka ng pagkakataong magbigay ng dokumento at/o paliwanag sa Settlement Administrator upang magpakita ng pagkakaiba sa mga workweek. Upang maghain ng isang pagtutol sa Settlement Administrator, ang iyong pagtutol ay dapat na (a) nakasulat; (b) naglalaman ng iyong pangalan, at (c) may kalakip na isang naka-type o nakasulat-kamay na pahayag na nagpapaliwanag kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa mga Kwalipikadong Workweek na nakasaad sa itaas. Ang

nakasulat na pagtutol ay dapat lagdaan at ipapadala sa pamamagitan ng United States first class mail na may postmark na hindi lalampas sa "Takdang Petsa ng Pagtugon" Nobyembre 14, 2022. ~~[60 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapadala]~~ sa:

Settlement Administrator

Louangamath v. The Spectranetics Corporation, Inc.
50 Corporate Park,
Irvine, California, 92606
Phone: 1 (888) 846-0324
Fax: (949) 419-3446

Kung mayroong hindi pagkakaunawaan, ang Settlement Administrator ay sasangguni sa Mga Partido upang matukoy kung ang isang pagbabago ay kinakailangan. Dapat tukuyin ng Settlement Administrator ang pagiging karapat-dapat para sa, at ang mga halaga ng, anumang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan sa ilalim ng mga tuntunin ng Kasunduan sa Pag-aareglo. Ang pagpapasiya ng Settlement Administrator sa pagiging karapat-dapat at halaga ng anumang Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay dapat mayroong bisa.

Ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay maaaring mag-iba mula sa tinantyang pagbabayad na nakalista sa form na ito kung ang sinumang Miyembro ng Settlement Class ay magpasyang magpabukod mula sa Kasunduan at depende sa halagang aaprubahan ng Korte para sa mga parangal ng Class Counsel, Class Representative, at sa Settlement Administrator. Ang isang muling ipinapadala na Takdang Petsa ng Pagtugon ng Miyembro ng Klase ay papalawigin hanggang 15 araw mula sa petsa ng muling pagpapadala ng Settlement Administrator ng Paunawa sa Kasunduan.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG WALA AKONG GAGAWIN?

Kung wala kang gagawin at inaprubahan ng Korte ang Kasunduan sa Panghuling Pagdinig Sa Pag-apruba, ibibigay sa iyo ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan nang walang anumang karagdagang aksyon na kakailanganin mula sa iyo.

Upang matiyak na matatanggap mo ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan, dapat mong ipaalam sa Settlement Administrator ang anumang pagbabago sa iyong pangalan, mailing address at/o numero ng telepono. **Responsibilidad mong ipaalam sa Settlement Administrator ang iyong na-update na impormasyon, at ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan ay ipapadala sa iyong address na huling naitala ng Settlement Administrator.**

KAILAN AT SAAN ANG PANGHULING PAGDINIG SA PAG-APRUBA?

Gaganapin ng Korte ang Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba sa o mga Pebrero 16, 2023, sa ganap na 2:00 p.m. sa Courtroom 6 sa 2nd Floor ng Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, 1301 Clay Street, Oakland, California 94612, upang pagpasyahan kung aaprubahan ang Kasunduan. Ang petsang ito ay maaaring magbago nang walang karagdagang abiso sa klase. Ikaw ay pinapayuhang tingnan ang settlement website (www.Louangamathsettlement.com) o ang PACER site ng Korte, na maaaring ma-access sa website ng Korte sa <https://ecf.cand.uscourts.gov>, upang kumpirmahin na ang petsa ay hindi nabago. Kung inaprubahan ng Korte ang Kasunduan, ang iyong bahagi sa Kasunduan ay ipapadala sa iyo sa loob ng humigit-kumulang 14 araw mula sa Petsa ng Pagkabisa ng Kasunduan, maliban na lang kung may mga pagtutol o apela. Palaging hindi tiyak kung kailan malulutas ang mga ganitong isyu at maaaring matagalan ang paglutas sa mga ito.

Mangyaring maabisuhan na ang petsa ng Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba ay maaaring magbago nang walang karagdagang abiso sa klase. Samakatuwid, pinapayuhan ang mga Miyembro ng Klase na suriin ang website ng Korte upang kumpirmahin na ang petsa at lokasyon ay hindi nabago.

ANONG MGA PAGHAHABOL O CLAIM ANG ISUSUKO KO KUNG AKO AY MANANATILING BAHAGI NG KASUNDUAN?

Maliban kung ibubukod mo ang iyong sarili, mananatili kang Miyembro ng Settlement Class, at mapapailalim ka sa mga tuntunin ng Kasunduan, kasama ang Mga Inilabas na Paghahabol o Claim na inilarawan sa ibaba. Ito ay nangangahulugan na hindi mo magagawa ang magdemanda, o magpatuloy na magdemanda, o maging bahagi ng anumang iba pang demanda tungkol sa Mga Inilabas na Paghahabol o Claim. Nangangahulugan din ito na ang lahat ng mga utos ng Korte ay ilalapat sa iyo at ikaw ay legal na mapapasailim sa mga ito.

Mga Inilabas na Paghahabol o Claim

Ang Mga Inilabas na Paghahabol o Claim ay nangangahulugan na lahat ng mga dahilan ng pagsasampa at makatotohanan o legal na mga teorya na ipinaparatang sa Reklamo o makatwirang maaaring ipinaparatang batay sa mga katotohanan at legal na teoryang nakapaloob sa reklamo sa pagpapatakbo, kabilang ang lahat ng sumusunod na mga paghahabol o claim para sa kaginhawaan: (a) mga paglabag sa reimbursement (Labor Code § 2802); (b) mga paglabag sa meal break (Labor Code §§ 226.7 at 512, seksyon 11 ng Wage Orders); (c) mga paglabag sa rest break (Labor Code §§ 226.7, wage order § 12); (d) hindi pagbabayad ng obertaym at regular na sahod, kabilang ang hindi tamang pagkalkula ng regular rate (Labor Code §§ 510, 558, 1194, 1197, at 1198, gayundin ang mga seksyon 2 at 3 ng Wage Orders); (e) mga paglabag sa wage statement (Labor Code §§ 226, 1174); (f) hindi patas na mga gawi sa negosyo (Business & Professions Code § 17200, et seq.); (g) mga parusang sibil sa ilalim ng Private Attorneys General Act, seksyon 2699.3, et seq. ng California Labor Code ("PAGA"); (h) anumang iba pang mga paghahabol o claim o mga multa sa ilalim ng wage and hour laws na isinampa sa Demanda, kabilang ang seksyon 204, 226, 226.7, 510, 512, 1174, 1194, 1197, 1198, at 2802 ng California Labor Code; at (i) lahat ng pinsala, multa, interes at iba pang halagang mababawi sa ilalim ng nasabing mga dahilan ng pagsasampa sa ilalim ng batas ng California at batas pederal, hanggang sa pinahihintulutan, kasama ngunit hindi limitado sa California Labor Code tungkol sa mga katotohanang ipinaparatang sa Mga Aksyon, ang naaangkop na Mga Wage Order tungkol sa mga katotohanang ipinaparatang sa mga reklamo, at ang California Unfair Competition Law. Ang panahon ng Pagpapalabas ay dapat umabot sa mga limitasyon ng Class Period. Ang res judicata effect ng Paghuhukom ay magiging kapareho ng sa Pagpapalabas. Dagdag pa rito, ang Mga Miyembro ng Settlement Class ay mapapasailalim sa isang limitadong pagpapalabas ng mga paghahabol o claim sa ilalim ng California Civil Code Seksyon 1542, na nagbibigay ng: "Ang pangkalahatang pagpapalabas ay hindi sumasaklaw sa mga paghahabol o claim na hindi alam o pinaghihinalaan ng pinagkakautangan o partidong nagpapalabas na umiiral sa kanyang pabor sa oras ng pagpapatupad ng pagpapalabas at na, kung alam niya, ay maaaring materyal na maapektuhan ang kanyang kasunduan sa nagkautang o sa partidong tumatanggap." Ang limitadong pagwawaksi ng Seksyon 1542 na ibinigay dito ay naglalabas ng lahat ng mga paghahabol o claim laban sa Mga Partidong Tumatanggap, kilala man o hindi, na nasa kahulugan ng "Mga Inilabas na Paghahabol o Claim," anuman ang katotohanan o legal na batayan para sa naturang mga paghahabol o claim. Gayunpaman, para maging malinaw, ang saklaw ng limitadong pagwawaksi ng Seksyon 1542 ay ang Mga Inilabas na Paghahabol o Claim lamang. Ang limitadong pagwawaksi ng Seksyon 1542 ay mahigpit na binalangkas at kinakailangan upang matiyak na ang Nasasakdal ay makakakuha ng kapayapaan tungkol sa resolusyon ng mga paghahabol o claim na o maaaring ipinaparatang batay sa mga katotohanan at legal na teoryang nakapaloob sa Reklamo.

Ang Pagpapalabas ay aabot sa Nasasakdal, at sa lahat ng nakaraan, kasalukuyan at/o hinaharap, direkta at/o di-direktang, mga opisyal, direktor, empleyado, ahente, kinatawan, abogado, insurer, kasosyo, mamumuhunan, shareholder, administrator, parent company, mga kasosyo, mga subsidiary, mga kaakibat, mga dibisyon, mga hinalinhan, mga kahalili, mga itinalaga, mga plano ng benepisyo, at mga joint venture ng Nasasakdal.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG AYAW KONG MAGING BAHAGI NG KASUNDUAN?

Kung hindi mo gustong lumahok sa Kasunduan, maaari mong ibukod ang iyong sarili (karaniwang tinatawag na "pagbubukod") sa pamamagitan ng pagsusumite sa Settlement Administrator ng napapanahon at balidong nakasulat na

Kahilingan para sa Pagbubukod. Ang iyong kahilingang magpabukod ay dapat na (a) nakasulat; (b) nagsasaad ng iyong pangalan, at (c) maglakip ng isang naka-type o nakasulat-kamay na pahayag na humihiling ng pagbubukod mula sa Settlement Class at nagsasaad sa kadahilanan: "Nais kong magpabukod sa Settlement Class at hindi lumahok sa Louangamath v. The Spectranetics Corporation. Naiintindihan ko na sa paghiling na ibukod sa kasunduan, hindi ako makakatanggap ng pera mula sa Kasunduan na inilarawan sa Abisong ito. [Napetsahan, Nilagdaan.]"

Dapat mong personal na lagdaan ang Kahilingan para sa Pagbubukod at hindi maaaring ibang tao ang pipirma para sa iyo, o maaaring magsumite ng Kahilingan para sa Pagbubukod sa ngalan ng isang grupo o ng sinuman. Upang maging napapanahon, ang iyong Kahilingan para sa Pagbubukod ay dapat na lagdaan at ipadala sa pamamagitan ng United States first class mail na naka-postmark nang hindi lalampas sa "Takdang Petsa ng Pagtugon" Nobyembre 14, 2022. ~~{60 araw pagkatapos ng pagpapadala}~~ sa:

Settlement Administrator

Louangamath v. The Spectranetics Corporation, Inc.

50 Corporate Park,

Irvine, California, 92606

Phone: 1 (888) 846-0324

Fax: (949) 419-3446

Kung magsusumite ka ng napapanahong Kahilingan para sa Pagbubukod, pagkatapos nitong matanggap, hindi ka na magiging miyembro ng Settlement Class, ikaw ay pagbabawalan mula sa paglahok sa anumang bahagi ng Kasunduan, hindi ka maaaring tumutol sa Kasunduan, at hindi ka makakatanggap ng anumang benepisyong, kabilang ang pera, mula sa Kasunduan. Kung gusto mo, maaari mong ituloy, sa iyong sariling gastos, ang anumang mga paghahabol o claim na maaaring mayroon ka laban sa Spectranetics. Kung hindi ka magsusumite ng balido at napapanahong nakasulat na Kahilingan para sa Pagbubukod, mapapabilang ka sa Settlement Class, at mapapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduan (kabilang ang Mga Inilabas na Paghahabol o Claim na inilarawan sa itaas), tumututol ka man o hindi sa Kasunduan. Ang muling ipinadala na Takdang Petsa ng Pagtugon ng Miyembro ng Klase ay papalawigin hanggang 15 araw mula sa petsa ng muling pagpapadala ng Settlement Administrator ng Paunawa sa Kasunduan.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG TUTUTOL AKO SA ANUMANG MGA TUNTUNIN SA KASUNDUAN?

Ang sinumang Miyembro ng Settlement Class na hindi humiling na magpabukod sa Kasunduan ay maaaring tumutol sa Kasunduan, kabilang ang pagtutol sa Mosyon ng Class Counsel para sa Mga Bayarin at Gastos ng Abogado. Ang Mosyon ng Class Counsel para sa Mga Bayarin at Gastos ng mga Abogado ay ihahain at maari mong suriin hanggang sa Oktubre 5, 2022. ~~[maglagay ng petsa na apatnapung (40) araw bago ang takdang petsa para tumutol]~~. Tandaan na ang pagtutol ay hindi katulad ng isang kahilingan sa pagbubukod. Ang pagsusumite ng pagtutol ay **hindi** magbubukod sa iyo mula sa Settlement Class. **Kung ang iyong pagtutol ay pinawalang-bisa, ikaw ay mananatili pa ring napapailalim sa Kasunduan.**

Maaari mong hilingin sa Korte na tanggihan ang pag-apruba sa pamamagitan ng paghahain ng pagtutol. Hindi mo maaaring hilingin sa Korte na gumawa ng ibang kasunduan; maaari lamang aprubahan o tanggihan ng Korte ang kasunduan. Kung tatanggihan ng Korte ang pag-apruba, walang ipapadalang pagbabayad sa kasunduan at magpapatuloy ang kaso. Kung iyon ang gusto mong mangyari, dapat kang maghain ng pagtutol.

Ang anumang pagtutol sa iminungkahing kasunduan ay dapat nakasulat. Kung ikaw ay maghahain ng napapanahong nakasulat na pagtutol, maaari kang, ngunit hindi kinakailangan, humarap sa Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba, personal man o sa pamamagitan ng sarili mong abogado. Kung haharap ka sa pamamagitan ng sarili mong abogado, responsabilidad mo ang pagkuha at pagbabayad sa abogadong iyon. Ang lahat ng nakasulat na pagtutol at mga sumusuportang dokumento ay dapat (a) malinaw na tumutukoy sa pangalan at numero ng kaso - Louangamath v. The Spectranetics Corporation, Case Number 4:18-cv-03634-JST), (b) isumite sa Korte sa pamamagitan ng alinman sa pagpapadala nito sa Class Action Clerk, Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, Courtroom 6,

2nd Floor, 1301 Clay Street, Oakland, California 94612 , o sa pamamagitan ng personal na pag-file ng mga ito sa alinmang lokasyon ng United States District Court para sa Hilagang Distrito ng California, at (c) mai-file o mamarkahan ng koreo sa o bago ang "Takdang Petsa ng Pagtugon" Nobyembre 14, 2022. ~~[60 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapadala]~~ Dapat malinaw ring ipapakilala ng iyong pagtutol ang iyong pangalan, magsasaad sa batayan ng iyong pagtutol, at tumutukoy kung kanino nalalapat ang pagtutol, ibig sabihin, kung ang pagtutol ay nalalapat lamang ba sa iyo, sa isang partikular na subset ng Klase, o sa buong Klase. Ang muling ipinadala na Takdang Petsa ng Pagtugon ng Miyembro ng Klase ay papalawigin hanggang 15 araw mula sa petsa ng muling pagpapadala ng Settlement Administrator ng Paunawa sa Kasunduan.

Kung ikaw ay nagsumite ng nakasulat na pagtutol, maaari ka ring humarap sa Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba na itinakda sa Pebrero 16, 2023, sa ganap na 2:00 p.m. sa Courtroom 6 sa 2nd Floor ng Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, 1301 Clay Street, Oakland, California 94612, at talakayin ang iyong mga pagtutol sa Korte at sa mga Partido. Ang Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba ay maaaring ipagpatuloy sa ibang petsa nang walang karagdagang abiso.

Ikaw ay may karapatang panatilihin ang iyong sariling abogado, sa sarili mong gastos, para magsumite ng Paunawa ng Pagtutol o humarap sa ngalan mo sa Panghuling Pagdinig sa Pag-apruba.

Kung aaprubahan ng korte ang Kasunduan sa kabila ng anumang pagtutol, at hindi ka nagpasyang magpabukod sa Kasunduan, matatanggap mo ang iyong Pagbabayad sa Indibidwal na Kasunduan at sasailalim sa mga tuntunin ng Kasunduan (kabilang ang Mga Inilabas na Paghahabol o Claim na inilarawan sa itaas).

Hindi ka maaaring tumutol at magpasyang magpabukod. Kung magsusumite ka ng Kahilingan sa Pagbubukod at Paunawa ng Pagtutol, ang Paunawa ng Pagtutol ay magiging balido, habang ang Kahilingan sa Pagbubukod ay magiging hindi-balido.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Binubuod lamang ng Abisong ito ang iminungkahing Kasunduan at ang mga tuntunin nito. Ang tumpak na mga tuntunin at kundisyon ng Kasunduan, kabilang ang Mosyon ng Class Counsel para sa Bayarin ng mga Abogado (na ihahain at maaari mong suriin hanggang sa Oktubre 5, 2022 ~~[maglagay ng petsa na apatnapung (40) araw bago ang takdang petsa para tumutol]~~), ay maaaring suriin online sa www.Louangamathsettlement.com, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Class Counsel sa address o numero ng telepono na nasa ibaba, sa pamamagitan ng pag-access sa Court docket sa kasong ito, nang may bayad, sa pamamagitan ng Public Access to Court Electronic Records (PACER) system ng Korte sa <https://ecf.cand.uscourts.gov>, o sa pamamagitan ng pagbisita sa opisina ng Clerk ng Korte sa Ronald V. Dellums Federal Building and United States Courthouse, 1301 Clay Street, Oakland, California 94612, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 4:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga holiday ng Korte.

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan tungkol sa kasong ito o sa Kasunduan, maaari kang makipag-ugnayan sa Class Counsel, kung saan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay ibinigay sa ibaba:

David G. Spivak
The Spivak Law Firm
8605 Santa Monica Blvd.
PMB 42554
West Hollywood, CA 90069
Telephone: (213) 725-9094
Facsimile: (213) 634-2485

<<EmployeeName>>

CPT ID <<ID>>

Bilang karagdagan sa pakikipag-ugnayan sa Class Counsel, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Settlement Administrator nang libre sa 1 (888) 846-0324. Maaari mo ring tingnan ang mga update sa kasong ito at sa kasunduan sa pamamagitan ng pagbisita sa website na ito: www.Louangamathsettlement.com.

MANGYARING HUWAG TUMAWAG SA KORTE O SA OPISINA NG CLERK NG KORTE UPANG MAGTANONG TUNGKOL SA KASUNDUAN NA ITO O SA PROSESO NG PAGHAHABOL O CLAIM.